

Ang Tanggapan ng mga Apela sa Buwis (OTA, Office of Tax Appeals) ay itinatag bilang isang walang kinikilingang lupon para sa paglutas ng mga alitan sa pagitan ng mga nagbabayad ng buwis at ng mga ahensiya ng buwis ng estado. Ang layunin ng OTA ay upang magtakda ng proseso sa pag-apela na:

- **Objective (Walang Kinikilingan)** – Mga pasya batay sa mga katotohanan at alinsunod sa batas.
- **Transparent (Malinaw)** – Ang mga pamamaraan at pasya ay nagagamit at nauunawaan ng lahat.
- **Accessible (Nalalapitan)** – Isang proseso na nagpapahintulot sa mga nagbabayad ng buwis na kumatawan sa kanilang sarili o pumili ng isang kinatawan na kanilang pinili.

State of California Office of Tax Appeals

Pangunahing Tanggapan:

Lokasyon:

400 R Street, Suite 100
Sacramento, CA 95811

Koreo

P.O. Box 989990
West Sacramento, CA 95798-9880

Mga Lokasyon ng Pagdinig

Sacramento

400 R Street, Suite 100
Sacramento, CA 95811

Fresno

855 M Street, Suite 960
Fresno, CA 93721

Los Angeles

355 S. Grand Avenue, 23rd Floor
Los Angeles, CA 90071

Tel: 916.492.2635

Fax: 916.492.2089

Email: info@ota.ca.gov

Website: ota.ca.gov

State of California



Office of Tax Appeals

(Tagalog)

Panimula

Itinatag ng Batas sa Pagiging Malinaw at Pagkamakatarungan sa Nagbabayad ng Buwis ng 2017 (Taxpayer Transparency and Fairness Act of 2017) ang Tanggapan ng mga Apela sa Buwis (OTA, Office of Tax Appeals) upang magbigay ng walang kinikilingang pagtitipon para sa makatarungan at walang pinapanigan na paglutas ng mga alitan sa buwis sa pagitan ng mga nagbabayad ng buwis at ng mga ahensiya ng buwis ng estado. Ang OTA ay isang independyenteng tanggapan na hiwalay at naiiba mula sa mga ahensiya ng buwis ng estado. Ang OTA ay nakatuon lamang sa paglutas ng mga alitan sa buwis at walang mga tungkulin o layunin maliban sa pagpasiya sa mga apela sa buwis para sa mga nagbabayad ng buwis sa California.

Ang mga Apela sa OTA sa Pangkalahatan

Ang mga apela sa OTA ay naglalahad ng huling pagkakataon para sa mga nagbabayad ng buwis upang lutasin ang kanilang mga alitan sa buwis sa mga ahensiya ng buwis ng estado sa administratibong paraan nang hindi pumupunta sa korte. Karaniwan, ang mga huling pagpapasiya na ginawa ng mga ahensiya ng buwis ng estado – tulad ng pagtatasa ng karagdagang mga pananagutan sa buwis o ang pagpataw ng mga multa kaugnay sa buwis – ay maaaring i-apela sa OTA. Ang OTA ay may hurisdiksyon para sa mga apela kaugnay sa iba-ibang buwis na pinamamahalaan ng Kagawaran ng Pangangasiwa ng Buwis at Singil ng California (CDTFA, California Department of Tax and Fee Administration) at ng Lupon ng Buwis sa Prankisa (FTB, Franchise Tax Board), kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:

- Personal na mga buwis sa kita
- Mga buwis sa prankisa ng korporasyon
- Mga buwis sa pagbebenta at paggamit
- Mga buwis at singil ng LLC
- Mga buwis sa gasolina at sa ibang kinakaltas na mga buwis

Mga Opsyon Maliban sa Pag-apela

Ang CDTFA at ang FTB ay may mga administratibong proseso na nagpapahintulot sa mga nagbabayad ng buwis na lutasin ang mga pagkakaiba sa pamamagitan ng wastong pagtatasa ng buwis at pagpataw ng anumang mga multa. Ang mga ahensiyang ito ay nag-aalok ng mga programa sa pagkakasundo, mga alok sa kasunduan, at mga plano sa pagbabayad. Walang awtoridad ang OTA sa alinman sa mga programang ito. Kung pinili ng taxpayer na lumahok sa alinman sa mga programang ito bago o sa panahon ng proseso ng pag-apela sa OTA, ipagpapaliban ng OTA ang apela kung kinakailangan habang ang nagbabayad ng buwis at ang ahensiya ng buwis ay nagtatrabaho tungo sa isang kasunduan.

Proseso ng Apela

Sa kaganapang nananatili ang pagtatalo pagkatapos gumawa ng panghuling pagpapasiya sa buwis ang alinman sa CDTFA o FTB, ang nagbabayad ng buwis ay maaaring umapela sa OTA. Ang mga apela ay maaaring gawin sa pamamagitan ng simpleng sulat ng kahilingan sa OTA na may kasamang anumang sumusuportang mga dokumento. Ang proseso ng pag-apela sa OTA ay pinamamahalaan ng mga regulasyon ng OTA na makikita sa website ng OTA sa ota.ca.gov.

Maaaring humiling ang mga nagbabayad ng buwis na magkaroon ng personal na pagdinig sa kanilang apela sa tanggapan ng OTA na kanilang gusto, o maaaring pumili na pasyahan ang kanilang apela batay lamang sa nakasulat na mga dokumentong isinumite sa OTA. Anupaman ang kanilang piliin, maglalabas ang OTA ng nakasulat na pasya sa apela. Bago ang pagdinig, ang mga nagbabayad ng buwis ay dapat magbigay ng lahat ng kaugnay na mga dokumento sa OTA at maaaring humiling, o hilingin, na lumahok sa pagpupulong bago ang pagdinig.

Mga Lupon ng Pagdinig

Ang bawat apela sa buwis ay idinidinig ng isang lupon ng tatlong walang kinikilingan at propesyunal na mga hukom sa administratibong batas (ALJ, administrative law judge), kung saan ang bawat isa sa kanila ay may makabuluhang karanasan sa batas sa buwis. Ang isang ALJ ay itatalaga bilang pinunong ALJ para sa mga layunin ng pagdinig, ngunit bawat miyembro ng lupon ay lalahok nang pantay sa pagdinig, mga deliberasyon at pagpasiya.

Pagkatapos ng Pagdinig

Karaniwan, ihahanda ng lupon ng ALJ ang nakasulat na pasiya at ipapadala ito sa nagbabayad ng buwis sa loob ng 100 araw ng pagdinig, kasama ng impormasyon tungkol sa dagdag na mga hakbang na maaaring gawin kung hindi sumasang-ayon ang nagbabayad ng buwis sa pasiya ng OTA.